

PANATILIHIN ANG ASD NA WALANG SINTOMAS



COVID-19 Health Screening sa Bahay para sa mga Magulang at Tagapag-alaga

Itanong ang mga katanungang ito sa bahay bago papasukin ang mga mag-aaral sa paaralan. Ang sinumang sumasagot ng “oo” sa mga tanong #1 o #2 ay hindi dapat pumasok sa paaralan o lumahok sa isang sport o aktibidad sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay hindi kailangang manatili sa bahay kung sumagot sila ng “oo” sa tanong #3. Tingnan ang patnubay sa ibaba.

1 Sa loob ng huling 5 araw, na-diagnosed ka ba na may COVID-19 o nagkaroon ng positibong test para sa virus?

2 Mayroon ka bang alinman sa mga sintomas na ito sa huling 24 na oras?

- Lagnat (tinukoy bilang isang 100.4 F na temperatura o mas mataas)
- Giniginaw
- Bagong problema sa paghinga o kapos sa paghinga
- Bagong ubo
- Pagtatae
- Pananakit ng tiyan
- Pagsusuka
- Pagkapagod
- Sakit sa Kasukasan
- Pananakit ng kalamnan o pananakit ng katawan
- Bagong pantal
- Pagkawala ng Panlasa o Pang-amoy
- Pananakit ng Lalamunan
- Pananakit ng Ulo
- Bagong Baradong Ilong
- Bagong Sipon

3 Nakatira ka ba sa parehong sambahayan o mayroon kang malapit na contact sa mga huling 5 araw sa isang taong nagpositibo sa COVID-19? Mabibilang na close contact kung ikaw ay nasa loob ng 6 na talampakan nang higit sa 15 minuto (pinagsama-samang mahigit 24 na oras), o kung ang isang tao mula sa pampublikong kalusugan ay nakipag-ugnayan sa iyo upang ipalam na ikaw ay isang contact.

Tandaan: Kung ang isang bata o miyembro ng kawani ay nakatira sa isang tao na pinangalanan bilang isang contact, okay lang para sa bata o miyembro ng kawani na pumasok sa paaralan. Hindi namin kino-quarantine ang mga contact ng mga contact.

MANATILI SA BAHAY o umuwi kaagad kung ang sagot ay oo sa isa o higit pang mga katanungan sa itaas.

Ang mga magulang / tagapag-alaga ay dapat sumunod sa landas ng Mga Pagpipilian sa Pagbabalik sa Paaralan (tingnan ang kabila) upang matukoy kung kailan makakabalik ang mga mag-aaral sa paaralan. **HUWAG** papasukin ang mag-aaral sa paaralan kung may alinman sa mga sintomas sa itaas.

4 Nabakunahan ka ba?

Ang 5 araw ay inirerekomenda ngunit hindi ito kinakailangan. Inirerekomenda ng CDC ang isang molecular-based test sa ika-5 araw ng paunang pagkakalantad. Hindi ito kinakailangan ng ASD. Inirerekomenda ng CDC ang pagsuot ng mask sa publiko at pagsubaybay sa mga sintomas sa loob ng 10 araw mula sa huling araw ng pagkakalantad.

Hindi

Inirerekomenda ng CDC ang pagsuot ng mask sa publiko at pagsubaybay sa mga sintomas sa loob ng 10 araw mula sa huling araw ng pagkakalantad. Inirerekomenda ng ASD ngunit hindi nangangailangan ng COVID test 5 araw pagkatapos ng huling pagkakalantad.



Anchorage School District
Educating All Students for Success in Life

www.asdk12.org

Mga Pagpipilian sa Pagbalik sa Paaralan

Para sa Sinumang may Sintomas ng COVID-19 o isang may Positibong Resulta ng COVID-19 test:

1

Kung ang test mo ay positibo, manatili sa bahay ng 5 araw pagkatapos ng iyong unang sintomas o positibong test, alinman ang mas nauna. Pagkatapos ng 5 araw, maarari ka nang bumalik sa paaralan kapag wala ka ng lagnat sa loob ng 24 oras na walang ininom na gamot na pampabawas ng lagnat, hangga't ang iba mo pang mga sintomas ay bumubuti na.

2

Kung negatibo ang test mo, maaari kang bumalik sa paaralan kapag wala kang lagnat sa loob ng 24 oras na hindi uminom ng gamot na nakakabawas ng lagnat, hangga't ang iba mong mga sintomas ay bumubuti na.

3

Kung hindi ka kukuha ng isang test, manatili sa bahay ng 5 araw. Maaari kang bumalik pagkatapos ng 5 araw kung wala ka ng lagnat sa loob ng 24 oras na walang ininom na gamot na pampabawas ng lagnat, hangga't ang iba mo pang mga sintomas ay bumubuti na.

4

Kung natukoy ng iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan na ang iyong mga sintomas ay mula sa ibang bagay, maaari kang bumalik sa paaralan na may tala mula sa iyong provider hangga't wala kang lagnat sa loob ng 24 oras na hindi uminom ng gamot na nakakabawas ng lagnat, hangga't ang iba mong mga sintomas ay bumubuti na.

Ang nilalaman para sa flier na ito ay hiniram nang may pahintulot mula sa website ng Alaska Department of Health and Social Services Start Strong.

Dave Donley

Pat Higgins

Anchorage School Board: Margo Bellamy, President

Andy Holleman

Carl Jacobs

Kelly Lessens

Dora Wilson

Superintendent: Dr. Deena Bishop



AnchorageSchoolDistrict



@ASD_Info



AnchorageSchoolDistrict



AnchorageSD